

INTERNATIONAL NAPASA (October 8th, 2024)

1)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN • MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa October 13 (Sunday) magkakaroon ng open market na “**SUNSUN • MARCHE**” sa **SHONAN KAIGAN PARK** sa Takahamadai. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211)**.

2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa October 19 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **SANFRECCHE HIROSHIMA**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

3)INPORMASYON UKOL SA CONCERT SA YAWATA Y AMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa October 16 (Wednesday) ay magkakaroon ng free **CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng Guitar Music Concert na may title na “**Aki no guitar no shirabe**” at mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon ay ang Piano Concert na may pamagat na “**Sawayaka na gogo no hitotoki**”. Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok ang hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

4)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG NOVEMBER

11月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang **SPORTS LESSON** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay **AEROBICS, TABLE TENNIS, FUTSAL** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. Para sa mas detalyadong katanungan ukol sa schedule, bayarin ng bawat lesson at iba pa ay

maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 (0463-35-0102)**. Ang huling araw ng pag-aapply ay sa October 15 (Tuesday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.

5)PAGHAHANAP NG MGA BATANG PAPASOK SA NURSERY SCHOOL

ほいくえん の にゅうえん じ の ぼしゅう の おし
保育園の入園児の募集のお知らせ

Mula October 3 hanggang sa isang taon ng April, ang Hiratsuka City ay naghahanap ng mga batang papasok sa **NURSERY SCHOOL** sa isang taon ng April. Mag-apply hangga't maaga sa **Home Page** ng siyudad o kumuha ng aplikasyon sa **CHILD CARE DIVISION** sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office at isumite sa nasabing tanggapan. Ang panahon ng pag-aapply ay mula October 10 hanggang November 8. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa **CHILD CARE DIVISION. Telephone Number 0463-21-9612 (0463-21-9612)**.